Ano ang ELPA21?

Ang Pagsusulit sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa ika-21 Siglo (ELPA21) ay susukat ng kahusayan ng inyong anak sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig, at pag-unawa ng Ingles. Ang ELPA21 ay binibigyang kahulugan ang "kahusayan"na kakayahan na gamitin ang wikang Ingles upang ipabatid ang mga ideya, kaalaman at impormasyon. Ang pagsusulit na ito ay batay sa mga Pamantayan sa Kahusayan sa Wikang Ingles(ELP), na idinisenyo upang matukoy ang kakayahan sa wika na kailangan ng mag-aaral upang magtagumpay sa paaralan at lampas pa.

Ano ang mga Pamantayan ng ELP?

Ang 10 Pamantayan ng ELP ay nagbibigay kahulugan sa kakayahan sa wikang Ingles na dapat mayroon ang mag-aaral sa partikular na antas na grado. Binibigyang diin ng mga ito ang pagbabago palayo sa dumarating na wika at nilalaman na hiwalay, at magtuon ng pansin sa pagsukat ng kakayahan sa wika, na kailangan ng inyong anak upang buong magamit ang pangkalahatang kurikulum ng edukasyon. Ang mga pamantayang ito ay gagamitin kapwa ng Ingles bilang Pangalawang Wika (ESL) at ng mga guro ng pangunahing asignatura upang tulungang ihanda ang inyong anak sa tagumpay sa sining sa wika sa Ingles, matematika, at siyensiya.

Kailan kukuha ang aking anak ng ELPA21?

Ang ELPA21 ay ibinibigay bawa't taon sa kaagahan ng tagsibol. Kontakin ang inyong kinatawan ng estado para sa marami pang impormasyon.

Para sa marami pang impormasyon makipag-alam sa amin

Email: info@elpa21.org
Website: elpa21.org

ELPA21 sa aking estado

Para sa marami pang impormasyon tungkol sa ELPA 21 sa inyong estado, makipag-usap sa guro ng inyong anak o punong-guro ng paaralan.

Patnubay ng Pamilya sa ELPA21

Ang Pagsusulit sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa ika- 21 Siglo

ELPA21
English Language Proficiency Assessment for the 21st Century

Sino ang kumukuha ng ELPA21?

Ang mga mag-aaral na natukoy bilang mag-aaral ng wikang Ingles (ELLs)* ay pakukunin ng ELPA 21. Ang Elementarya at Sekondaryang Paaralang Batas ng 2001 ay nag-uutos ng taunang pagsusulit ng kahusayan sa Ingles sa lahat ng mga mag-aaral na natukoy bilang ELLs. Ang ELPA21 ay sumusukat sa progreso na nagagawa ng inyong anak sa pagkakamit ng kahusayan sa Ingles.

**Ginagamit ang pederal na kahulugang ng"mag-aaral ng wikang Ingles"*

Paano ginagamit ang ELPA21 upang tulungan ang aking anak?

Ang pangunahing layunin ng ELPA21 ay upang mabigyan karapatan ang mga mag-aaral para sa tamang mga serbisyo sa wika at tulungang patnubayan ang mga paaralan upang mahusay na masuportahan ang mga pangangailangan ng mag-aaral. Habang ang ELPA21 ay hindi ibinibilang sa pagtatapos sa haiskul, ito'y tumitiyak kung ang inyong anak ay tumatanggap ng ekstrang tulong na maaari nilang kailanganganin upang buong makasali at maging tagumpay sa paaralan.

Paano ko matutulungan ang aking anak na maging handa?

Ikaw ay isang mahalagang kasama sa edukasyon ng inyong anak. Narito ang ilang bagay na maaari mong gawin upang tumulong na ihanda ang inyong anak para sa ELPA21:

- Bisitahin ang elpa21.org/field-test para sa impormasyon tungkol sa paano magagamit ang ELPA 21na interaktibong demonstrasyon na pagsusulit, para sa layuning tulungan ang inyong anak na maging pamilyar sa mga tanong sa pagsusulit.
- Makipag-usap sa guro ng inyong anak tungkol sa kung anong mga bahagi ng Ingles ang kailangan ng inyong anak upang ipako ang pag iisip sa pag-unlad.
- Maglaan ng oras araw-araw upang magbasa ang inyong anak ng paborito niyang aklat sa iyo.

Paano ko malalaman ang iskor sa ELPA21 ng aking anak?

Ang inyong paaralan ang magbibigay sa iyo ng buong ulat nang nagawa ng inyong anak sa ELPA21.

Ano ang kaibahan ng ELPA21 sa mga nakaraang pagsusulit?

Ang ELPA21 ay isang nasa kompyuter na pagsusulit na idinisenyo na nakawiwili at interaktibo. Kabilang dito ang mga bagong tanong na naglalarawan ng senaryo sa silid-aralan at tunay na mundo. Tingnan sa ibaba para sa isang halimbawa ng isa sa ELPA 21 drag and drop na bagay.

Halimbawang Bagay:
Grado 1: Pakikinig: Sumunod sa Instruksiyon
Tingnan ang silid-aralang na ito. Makinig sa guro. Sumunod sa panuto ng guro. "ilagay ang ruler sa lagayan ng aklat".

Ano ang mangyayari kung ang aking anak ay hindi na ELL?

Ang iyong anak ay hindi na kukuha ng ELPA 21. Sila ay hindi na makatatanggap ng espesyal na serbisyo sa wikang Ingles, subali't maaaring magpatuloy na tumanggap ng ilang karagdagang suporta at imomonitor ng dalawang taon

Para sa marami pang impormasyon sa ELPA21, bisitahin elpa 21.org